

APPLICATION

- Sa anong bahagi ng buhay mo kailangang sumunod sa Diyos? Paano mo masisimulang sumunod sa Kanya ng buong tapat simula sa linggong ito?
- Naniniwala ka ba na ang Diyos ay may mabuti at masaganang lugar na inihanda para sa iyo? Paano mo magagawang ihayag ang iyong pananalig at pagtitiwala na tutuparin ng Diyos ang Kanyang mga ipinangako sa iyo? Paano mo maisasapamuhay ang mga natutunan mo ngayon?
- Ano ang isang lumang bagay o pamamaraan na hinihiling ng Diyos na iyong bitawan ngayon? Paano mo matatanggap ang mga bago at nakatutuwang bagay na ginagawa ng Diyos sa iyong buhay?

PRAYER

- Pasalamatang ang Diyos sa Kanyang pagiging matapat at mapagmahal sa iyo. Ipanalangin na lagi mo Siyang susundin at pagkakatiwalaan araw-araw.
- Hingin sa Diyos na dalhin ka sa isang lugar na may katatagan. Kilalanin ang iyong pangangailangan sa Diyos sa iyong buhay. Ipanalangin na ikaw ay maging laging handa sa mga bagong bagay na dadalhin ng Diyos sa iyong buhay.
- Ipanalangin na iyong tutulungan ang ibang tao na sumunod sa Diyos at na buong tapang mong ibabahagi ang mga ginawa Niya para sa iyo. Hilingin sa Diyos na bigyan ka ng mga pagkakataon na gawin ito sa linggong ito.



VICTORY

© 2014 ng Victory®

Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®

Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

Ang pagkopya ng lathang ito ay pinahihintulutan para sa lokal na simbahan. Hindi ito ipinagbebenta.
victory.org.ph

**BIG
DEAL**

FILIPINO **WEEK 3**

Pagkakalagyan

NOTES

WARM-UP

- Ano ang trabaho na gusto mo para sa iyong sarili? Bakit mo ito gustong gawin?
- Isalaysay ang isang bagay na bago lamang nangyayari sa iyong buhay. Gusto mo ba ito? Bakit?
- Paano mo nalalaman na ang isang tao ay may matatag na pagkakakilala sa kanyang sarili? Isalaysay ang isang pangyayari na magpapaliwanag o magpapakita nito.

WORD

¹¹“Ngunit ang lupain na aangkinin ninyo ay may mga bundok at kapatagan na laging nauulanan.
¹²Ang lupaing ito ay inaalagaan ng Panginoon na inyong Diyos; binabantayan niya ito araw-araw sa buong taon!” **DEUTORONOMIO 11:11,12**

Nang mga panahong ito, dinadala ng Diyos ang Kanyang mamamayan sa Lupang Ipinangako at ipinapakita Niya sa kanila kung anong uri ng lugar ito. Ang lugar kung saan sila dinadala ng Diyos ay Kanyang itinalaga at pinagpala. Sa parehong paraan, tayo ay pinagpala kung tayo ay nasa lugar na gusto ng Diyos para sa atin – hindi sa kung saan natin gustong pumunta sa pag-aakalang iyon ang tama at pinakamabuting lugar na dapat natin kalagyan. Sa araling ito, ating tutukuyin ang tatlong katangian ng lugar kung saan dinadala ng Diyos ang Kanyang mamamayan, at kung paano ito tumutukoy sa ating buhay.

1 Lugar ng Pagsunod

⁸“Kaya sundin ninyo ang lahat ng utos na ibinigay ko sa inyo ngayon para may lakas kayo sa paglalakbay at sa pag-agaw ng lupain sa kabila ng Jordan. ⁹Kung susunod kayo, mabubuhay kayo ng matagal doon sa maganda at masaganang lupain na ipinangako ng Panginoon na ibibigay sa inyong mga ninuno at sa kanilang mga salinlahi.”
DEUTORONOMIO 11:8,9

Ang mga pagpapala at biyaya ay nakasalalay sa pagsunod ng mga mamamayan ng Diyos. Ibinigay ng Diyos sa Kanyang mamamayan ang mga kautusan na mahalín at sundin Siya, at inaasahan Niya ang buo at tapat nilang pagsunod. Ang tagumpay, biyaya, at kayamanan ay mga bagay na hindi natin dapat habulin. Bagkus, sinasabi sa Bibliya na dapat nating hangarin ang Diyos at ang Kanyang kaharian bago ang lahat, at ang lahat ng ito ay ibibigay din sa atin. (Mateo 6:33). Bakit lubhang mahalaga sa ating relasyon sa Diyos ang ating pagsunod sa Kanya?

2 Lugar ng mga Bagong Bagay

¹⁰“Sapagkat ang lupain na aangkinin at titirhan ninyo ay hindi gaya ng lupain sa Egipto na pinanggalingan ninyo. Doon sa Egipto, kapag magtatanim kayo, magpapakahirap pa kayo ng todo sa pagpapatubig nito. ¹¹“Ngunit ang lupain na aangkinin ninyo ay may mga bundok at kapatagan na laging nauulanan.” **DEUTORONOMIO 11:10,11**

Ang Panginoon ay gumawa ng kaibahan sa pagitan ng lugar kung saan nanggaling ang Kanyang mamamayan – Ehipto – at ng lugar kung saan sila papunta. Ang lugar na ito ay isang maganda at masaganang lupain at mayaman sa biyaya ng Diyos. Ang nag-uumapaw na biyaya na gustong ibuhos ng Diyos sa kanila ay nangangailangan ng pagbitiw sa kanilang nakasanayang mga pamamaraan sa Ehipto at pagtanggap sa mga bagong bagay na nais gawin ng Diyos. Sa iyong palagay, bakit minsan ay pinipili nating huwag bitawan ang mga nakasanayan nating pamamaraan at mga lugar? Bakit natin dapat pagkatiwalaan ang Diyos habang tayo ay Kanyang inaakay papunta sa mga bago at magagandang bagay?

3 Lugar ng Kasiguruhan

Ang lupaing ito ay inaalagaan ng Panginoon na inyong Diyos; binabantayan niya ito araw-araw sa buong taon!”
DEUTORONOMIO 11:12

Ang lugar kung saan dinadala ng Diyos ang Kanyang mamamayan ay lugar na Kanyang pinapangalagaan. Ang Kanyang katapatan at pagmamahal ay dakila at hindi maitatangi. Inaalagaan Niya ang Kanyang mamamayan, Siya ay hindi nagbabago, at Siya ay nagbibigay ng katatagan na hindi kaya ibigay ninuman. Bilang Kanyang mga anak, tayo ay tinawag Niya tungo sa lugar na may kasiguruhan at kalakasan. Ibahagi kung paano mo natutunan na maging matiwasay sa lugar kung saan ka inilagay ng Diyos.
